## SEKSYON 2: PATAKARAN SA PAGKAKAROON NG AKSES SA WIKA NG KAGAWARAN

### A. Pangkalahatang Pahayag ng Patakaran

Ang Pampublikong Kalusugan ay nakatuon na masigurong makakamit ng lahat ng mga indibidwal na magkaroon ng akses at magamit ang mga serbisyo at makatanggap ng impormasyon sa kanilang ginustong wika. Ang Pampublikong Kalusugan ay nagkakaloob ng libreng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon para sa may Limitadong Kakayahan sa Ingles [Limited English Proficient (LEP)], sa mga nakikipag-usap sa isang Wika maliban sa Ingles (Language Other than English [LOTE]), at/o sa mga taong ang komunikasyon ay apektado ng isang medikal na kondisyon o dahil sa pagtanda. Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng suporta at mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong sa wika, itinataguyod namin ang pagiging inklusibo at pinagyayaman ang isang komunidad kung saan ang lahat ay maaaring mas ganap na makakalahok at uunlad.

### B. Saklaw ng Patakaran

Ang Patakaran sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Pampublikong Kalusugan ay nalalapat sa mga manggagawa ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County na kinabibilangan ng mga kawani, kontratista, at boluntaryo kapag nakikipagtulungan sa mga kliyente at mga namumuhunang kasapi (stakeholder) ng komunidad na naghahanap ng akses sa mga programa at serbisyo sa Pampublikong Kalusugan na ipinagkakaloob sa mga pasilidad ng Pampublikong Kalusugan, mga hindi-klinikal na kapaligiran (hal., pagpapaalam [outreach] sa komunidad, pagbisita sa bahay ng pasyente, o kliyente, pagtawag sa telepono para sa kalusugan [telehealth], at mga kaganapan na itinataguyod ng Pampublikong Kalusugan).